

## Ilang Sulok ng Himutok

---

*Francisco A. Monteseña*

Mahirap ang sitwasyon ng lahat. Ang nagbubuhay normal lamang ngayon ay yung hindi namomroblema ng kakainin at mga babayarin kinabukasan. Kaya kahit anong propesyon, kung tigil ang trabaho ay bakit mahihiyang sumabak sa pagdiskarte basta marangal at di bawal. Kaya nakakapanting ng tainga kung may maririnig at mababasang “ teacher ka pa naman” o kung anuman ka noon at ngayon ay naglalako ng kung ano para makasabay sa hirap ng buhay. Ako nga, ipinagbibili ko na ang ilang mga damit at bags na marami ay halos isang suot o di pa naisuot o nagamit na. Kung nais namang tumulong ay tangkilikin na lang ang mga produkto ng mga kakilala at huwag nang baratin o taaran pa kung may ibabayad naman. Kailangan ng bawat isa ng tulong. Ang gobyerno ay utang nang utang at tayo ang magbabayad niyan. Panibagong pahirap. At sa mga mayayabang diyan na sasabihin na namang titser ka pa naman ay ito lang, ano ba ang naging ambag mo sa pagiging titser namin na ngayon katulad ng marami ay kailangang bumangon? Huwag nang magmatalino.

\*\*\*

Kailanman ay hindi tayo tatawaging terorista ng ating ama at ina kung di natin nasunod ang kanilang utos at ekspektasyon. Hindi tayo tatawaging terorista ng mahal nating mga guro kung di tugma ang ating pagkukuro. Hindi tayo tatawaging terorista sa haba ng tutsang o balbas. Hindi tayo tatawaging terorista sa estilo ng pananamit o sa hilig na pelikula o pagkain o kulay o amoy o anyo. Ngunit nakatatakot sa mga may posisyon o nasa posisyong pangalanan tayong terorista base lamang sa galaw ng

daliri o kispang mata o kibot ng labi. At suwerte kung aabot sa paglilitis na kaya nating ipagtanggol ang mga sarili kahit alam nating ang panahon ngayon ay paglangoy sa kumunoy. Ang oras ngayon ay walang dalawang kamay ngunit galamay na kayang sumakal sa atin sa isang iglap. At ang pagtutol sa mga sutil na gawa'y lisensya nang bubura sa ating pag-iral. Kay hirap mabuhay ngayon. Nakalulugami ang umasa nang umasa sa mga walang anyong liwanag. Nakapapagod kahit ang paghinga. Ngunit muli, heto akong nanggaganyak sa lahat na kapitan kahit ga-munggong pananalig na matatapos ang lahat. Hindi laging nasa malalakas at nasa matataas ang sagwan.

\*\*\*

Natuwa akong nakita ko yung batang kung tawagin ko ay bes. Kumaway siya habang nagbibisikleta. Walang *facemask*. Marami sa kanila ang bugso na sa paglabas na walang suot nito. Kahit yung alcohol sa gate ng subdivision ay wala nang nagwiwisik. Tila ganito talaga ang pagkasabik nating bumalik sa dati. Pero malayo pa. Nakatatakot pa ang panahon. Mga balita pa lamang ang mga *test vaccines*. Tumataas pa ang bilang ng maysakit at wala na ring natatanggap na ilang kilong bigas at sardinas. May mga bagong utang na babayaran ang mga kaapu-apuhan natin. Wala pang malinaw na sagot. Ingat pa rin sana. Masarap na marinig ang mga bores ng mga batang naglalaro, ang sigaw ng mga tintera, ang mga pamilyar na huntahan. Pero mas masarap makitang ligtas tayong lahat pagkatapos ng krisis na ito. Disiplina pa rin po. Hindi pa tapos ang laban natin sa kasalukuyang sitwasyon.

\*\*\*

Lagi na akong nagtatanong ng araw at oras sa nanay ko. Kaya sasabihin niyang mas ulyanin na ako kaysa sa kaniya. Ang totoo ay sinasadya ko nang maligaw sa oras at araw. *Coping mechanism* na siguro para malabanan ang inip. Minsan kasi ay nakapapagod ang magsulat lalo't minsan din ay mabagal ang dating ng mga ideyang isusulat. Gusto kong maglaho sandali sa sitwasyon at lumitaw sa ibang panahon. Ngunit hindi naman ito tulad ng mga napapanood natin at nababasang kuwento ng paglalayag kaya mari-realize kong narito tayo sa panahong ang alaala ay alaala lamang at ang

bukas ay pangitaing walang kasiguruhan. Sa panayam sa akin kamakailan ay nasabi ko ang tungkol sa balanse na kung mga bata pa tayo ay masyado tayong *idealistic* na pinaplano ang lahat ng puwedeng mangyari sa buhay. At tulad ng pagsakay sa bisikleta ay napakahirap kilalanin ang balanse ng buhay. Makakamit natin ang ilan sa mga plano pero may mga nasasakripisyo. At hindi na natin mahila ang panahon. Nasa ngayon ang pagkilala sa mga bagay na puwede pang magawa. Huwag nang gawing komplikado ang mahirap nang sitwasyon. Magmahal kung kaya pang magmahal. Magbigay kung mayroon pang ibibigay. Manahimik kung kailangan ng pahinga at patuloy na kilalanin ang sarili kahit naghahabol sa oras at panahon.